

# Offline Mobile Reading Application (OMRA) Bilang Interbensiyon Sa Pagpapaunlad Ng Kakayahan Sa Pagsusuri Ng Teksto Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikalabing-Isang Baitang

Lorenzo M. Garcia III<sup>1</sup>  
1 – Mindoro State University  
0009-0000-3076-6179

Publication Date: May 20, 2026

DOI: [10.5281/zenodo.20307539](https://doi.org/10.5281/zenodo.20307539)

## Abstrak

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tayahin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA) bilang interbensiyon sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang na nakatuon sa pagtukoy sa paksa, pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita, pagbabahagi ng katangian at kalikasan ng iba't ibang tekstong binasa, pagsulat ng halimbawa ng teksto gamit ang cohesive devices, pagkuha ng angkop na datos at pag-uugnay at pagpapaliwanag ng mga kaisipang nakapaloob sa binasa. Gumamit ng kuwantitatibong quasi-experimental na disenyo upang ilarawan at suriin ang resulta ng pauna at panghuling panukatang pagsusulit. Pinili at hinati ang animnapung (60) mag-aaral sa pangkat eksperimental at kontroladong pangkat sa tulong ng purposive sampling. Nakalap ang datos sa pamamagitan ng talatanungan na binubo ng 100 tanong na may pagpipilian na nakabatay sa anim na kasanayang pampagkatuto sa pagsusuri ng teksto at inilapat sa Talaan ng Ispesipikasyon. Natuklasan na ang parehong kakayahan ng kontroladong pangkat at pangkat eksperimental sa pagsusuri ng teksto bago gamitin ang OMRA ay nasa katamtamang antas. Matapos gamitin ang OMRA, natuklasan na ang antas na kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng kontroladong pangkat ay may makabuluhang pag-unlad at positibong pagbabago samantalang ang pangkat eksperimental naman ay nagkamit ng mas mataas at konsistent na resulta. Lumutang din na ang baseline ng dalawang pangkat sa paunang panukatang pagsusulit ay hindi ganap na magkapantay. Samantalang may lubhang makabuluhang pagkakaiba naman sa antas ng kakayahan sa pagitan ng dalawang pangkat pagkatapos ng interbensiyon kung saan mas mataas ang mean difference ng pangkat eksperimental. Napag-alaman din na may makabuluhang pagtaas sa pagitan ng pauna at panghuling panukatang pagsusulit sa kontroladong pangkat samantalang nagkaroon naman ng lubhang pagtaas sa pangkat eksperimental. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa mas nakatuon at tiyak na mga programa sa pagpapaunlad ng OMRA. Humantong ang mananaliksik sa rekomendasyon na ipagamit ang nabuong Offline Mobile Reading Application (OMRA) sa mas malaking populasyon ng mga mag-aaral at mga guro sa Filipino.

**Mga susing salita:** *pagsusuri ng teksto, interbensiyon, pangkat eksperimental, kontroladong pangkat, Offline Mobile Reading Application (OMRA).*

## Panimula

Malaking pagbabagong naganap sa larangan ng paghahatid ng kaalaman sa edukasyon kasabay ng pagdaan ng maraming taon. Nagsilbing instrumento ang mga makabagong estratehiya at mga kagamitang teknolohikal na naglalayong punan ang mga kakulangan sa kasanayan tulad ng pagsusuri ng teksto.

Kapansin-pansin na marami sa mga umiiral na pag-aaral at programang pang-edukasyon ay hindi ganap na nakatuon sa sistematikong paglinang sa mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsusuri ng teksto. Madalas na sinusukat lamang ang pangkalahatang pang-unawa sa binasa at hindi nabibigyang-diin ang kakayahan ng mga estudyante na maghambing, magbigay-kahulugan, at magsuri nang kritikal sa nilalaman ng teksto. Limitado rin ang mga interbensiyong nangangailangan ng mas angkop at inklusibong pamamaraan sa pagkatuto. Dahil dito, umiiral ang isang mahalagang puwang sa pananaliksik na naglalayon ng mas masusing pag-aaral upang makabuo ng mga estratehiyang tunay na magpapalakas sa kasanayan sa pagsusuri ng teksto sa pagbasa.

Gayundin sa Pilipinas, dalawampu't apat na bahagdan (24%) lamang ng mga Pilipinong mag-aaral ang umabot sa ikalawang lebel sa larangan ng pagsusuri na may kakayahan sa pagtukoy ng mga pangunahing idea sa tekstong katamtaman ang haba, hanapin ang mga impormasyon gamit ang malinaw na pamantayan at suriin ang mga layunin at estilo ng teksto. Wala ring umabot sa ikalimang antas ng pagbasa. Malayo ito sa inaasahan ng OECD na pitumpu't apat na bahagdan (74%) sa ikalawang antas. Ipinapakita lamang nito ang kasalukuyang kalagayan ng mababang antas ng edukasyon sa Pilipinas sa larangan ng pagbasa (Organisation for Economic Co-operation and Development, 2022).

Napatunayan din sa resulta ng *Functional Literacy, Education, and Mass Media Survey 2024* na isinagawa ng *Philippine Statistics Authority* (2024) na bagamat mataas ang bahagdan ng antas ng batayang kasanayan sa pagbasa (93.1%), sampu mula sa animnapu't apat (64) na indibidwal, ay mababa pa rin ang bahagdan ng antas ng kasanayang pampagganap nito (70.8%). Ipinapakita ng sarbey na hindi lahat ng estudyante na marunong magbasa ay may kakayahang magsuri, mag-analisa at bumuo ng mga lohikal na pangangatuwiran mula sa tekstong binabasa. Ang impormasyong ito nangangailangan ng malawakang pagsuporta at mga modernong kagamitan sa edukasyon upang mapaunlad ang nasabing larangan.

Ang hamong ito sa edukasyong panliterasiya ay patuloy ding naranasan sa lalawigan ng Romblon lalo sa mga malalayong lugar. Lumabas sa datos ng Kagawaran ng Edukasyon gamit ang *Philippine Informal Reading Inventory* na ang kanilang pang-unawa sa binabasa ay bumaba ng tatlong baitang mula sa baitang na kinabibilangan (Department of Education, 2025). Dahilan nito ang kakulangan ng mga makabagong kagamitang instruksiyonal na nagpapataas ng kanilang kasanayan sa pag-aanalisa ng teksto, pagbuo ng argumento, at lohikal na interpretasyon. Kulang din ang mga lokal na interbensiyong teknolohikal na may kaugnayan sa pagsusuri ng mga tekstong binabasa upang mapaunlad ang kanilang kakayahan.



Gayundin sa Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc kung saan aktibong nagtuturo ang mananaliksik, malaking hamon din ang kinakaharap ng mga guro sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsusuri sa binabasang teksto. Maliban sa mababang resulta ng Phil-IRI, kapansin-pansin ang pagbaba ng kanilang interes sa pagbasa partikular sa tekstong Filipino. Dagdag pa rito, may kakulangan din sa mga biswal at interaktibong kagamitan ang mga klase, kaya't limitado rin ang kanilang pakikilahok sa pagsusuri ng mga teksto.

Ang pagbaba ng kanilang motibasyon sa binabasang teksto ay dahilan sa paggamit ng tradisyonal na pamamaraan sa pagbasa. Sinasabing ang paggamit sa pagbasa ng teknolohiya ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman at pagkakaroon ng kolaboratibong interaksyon. Ang patuloy na implementasyon ng mga makabagong pedagohikal na pamamaraan ay nagbigay daan sa pagpapalakas ng kognitibong kaalaman at pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsusuri ng tekstong binabasa (Gómez et al., 2025).

Napatunayan din nina Ahmad et al., (2020) na ang teknolohiya ay nakatutulong sa pagpapanatili ng mga impormasyon upang magbigay ng malaking pakinabang sa lipunan. Dagdag pa nito, na ang mga aplikasyong pang-*mobile* ay may mahalagang gampanin sa paglago ng kaalaman. Ang pagbuo at paggamit ng ganitong aplikasyon ay mariing inirerekomenda sa pangkalahatang sistema ng edukasyon upang makatulong sa pagpapataas ng kakayahan sa pagbasa sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto.

Ang mga ganitong interbensiyon ay mariin ding sinusuportahan at binigiyang-diin ng Kagawaran ng Edukasyon upang masolusyunan ang mga problemang kinakaharap kagaya ng pagsusuri sa mga tekstong binabasa. Layon din nitong paunlarin ang kalidad ng pagkatuto at maging ang proseso ng pagtuturo. Ang nasabing kagawaran ay patuloy na nagpapatupad ng mga programang nakatuon sa mga interbensiyong teknolohikal.

Ginawang legal na batayan ng kasalukuyang pag-aaral ang Republic Act No. 10533 o ang “*Enhanced Basic Education Act of 2013*” na naglalayong matiyak ang pagkakaloob ng maayos na edukasyon sa lahat ng mag-aaral. (Republic of the Philippines, 2013). Kaugnay nito, alinsunod sa DepEd Order No. 10, s. 2025, ipinatutupad ang *Literacy Remediation Program* (LRP) bilang isang hakbang upang mapalago ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng angkop na interbensiyon (Department of Education, 2025b). Idinagdag din ang DepEd Memorandum 064, s. 2025, ang *ARAL-Reading Program*, na may layuning paunlarin ang kasanayang pagbasa sa pamamagitan ng mga karagdagang gawain at iba pang interbensiyon sa pagkatuto (Department of Education, 2025).

Kung kaya bilang suporta sa mataas na pangangailangan sa edukasyon sa pagsusuri ng teksto sa ikalabing-isang baitang, isinulong ng mananaliksik ang pag-aaral na ito upang bumuo ng teknolohikal na interbensiyong *offline* na makatutulong sa pedagohikal na kakulangan sa pagbasa at mapaunlad ang kanilang kakayahan.



### Paran at Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa disenyo ng pananaliksik, mga respondente, instrumento sa pagkuha ng datos, mga pamamaraan sa pagkuha ng datos, etikal na konsiderasyon at kagamitang estadistika na ginamit tungo sa ikatatagumpay ng pananaliksik-papel.

Ang *Quasi-experimental* na uri ng pananaliksik ang ginamit na disenyo sa pag-aaral na ito upang suriin at sukatin ang mga datos na magpapalinaw sa mga katanungan gamit ang pauna at panghuling panukatang pagtataya. Ayon kay Hassan (2024), ito ay mabisang disenyo upang tayahin ang bisa ng paggamit ng interbensiyon bago at pagkatapos gamitin. Napag-alaman sa disenyong ito na may pagbabago sa resulta ng pagsusulit at pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto. Tinukoy rin ang malaking kaibahan sa pagitan ng kontrolado at pangkat eksperimental bago at pagkatapos ng interbensiyon.

Ang mga piling mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng Science, Technology, Engineering and Mathematics strand sa Senior High School ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc sa lalawigan ng Romblon ang naging kalahok sa pananaliksik na ito. Gamit ang purposive-random sampling technique, pinili ang animnapung (60) mag-aaral sa pamamagitan ng palabunutan o lottery method, tatlumpu (30) mag-aaral sa pangkat eksperimental na gumamit ng OMRA at tatlumpu (30) mag-aaral naman sa kontroladong pangkat na gumamit ng karaniwang pamamaraan ng pagtuturo. Bawat grupo ay binubuo ng sampu (10) mag-aaral mula sa upper group, sampu (10) mula sa middle group, at sampu (10) naman mula sa lower group upang matiyak ang pantay na representasyon ng akademikong kakayahan. Tanging mga estudyante lamang na nakasumite ng nilagdaang pahintulot ng magulang at liham ng pagsang-ayon ng kalahok ang pinahintulutang lumahok sa pag-aaral.

Ang pangunahing interbensiyon na ginamit sa pag-aaral na ito ay isang *Offline Mobile Reading Application (OMRA)* na idinesenyo para sa layunin ng pananaliksik na ito. Ang aplikasyon ay binuo ng mananaliksik na naglalaman ng iba't ibang teksto na nakasulat sa Filipino na nakabatay sa kasanayang pampagkatuto ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Teksto tungo sa Pananaliksik. Ito ay may interaktibong aktibidad, biswal, mga pagsusulit at marka upang mapaunlad ang kakayahan ng mga piling kalahok sa pagsusuri ng teksto sa Filipino.

Isinagawa ang pananaliksik sa pamamagitan ng pagbigay ng pauna at panghuling panukatang pagsusulit upang tayahin ang kanilang kakayahan gamit ang tradisyonal na pamamaraan at aplikasyon. Sa bahaging ito, ang mananaliksik ay bumuo ng talatanungan na may pagpipilian. Ang pagsusulit ay kinapalooban ng mga halimbawa ng teksto tulad ng impormatibo, deskriptibo, persuwaysib o panghihikayat, naratibo, argumentatibo o pangangatuwiran at prosidyural, na nilapatan ng isangdaan (100) aytem na tanong na may apat na pagpipilian. Ang bawat tanong ay ibinatay sa Table of specifications (TOS) at kasanayang pampagkatuto ng nasabing asignatura na nakatuon sa pagsusuri ng teksto. Ito ay ang pagtukoy sa paksa, pagtukoy sa kahulugan at katangian ng mahahalagang salita, pagbabahagi ng katangian at kalikasan ng iba't ibang tekstong binasa, pagsulat ng halimbawa ng teksto gamit ang cohesive devices, pagkuha ng angkop na datos at pag-uugnay at pagpapaliwanag ng mga kaisipang nakapaloob sa binasa.

Upang mailarawan ang kasanayan ng mga napiling kalahok sa pagsusuri ng teksto, gumamit ng score brackets na may katumbas na deskriptibong antas upang magbigay ng malinaw na interpretasyon sa mean scores. Ang paggamit ng kategorikal na interpretasyon batay sa saklaw ng iskor ay naaayon sa prinsipyong ginamit ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagbuo ng antas ng kakayahan sa Mean Percentage Score (MPS), na ang bawat porsyento ay nauugnay sa antas ng pagkatuto. Ang Mean Percentage Score (MPS) ay ginagamit upang tukuyin ang kanilang kakayahan batay sa nakuhang bahagdan sa pauna at panghuling panukatang pagsusulit (Department of Education, 2026).

### Talahanayan 1

#### *Mean Percentage Score sa Pagsusuri ng Teksto*

<b>Bahagdan</b>	<b>Deskripsyong Berbal</b>
96–100	Ganap na Kakayahan
86–95	Malapit sa Ganap na Kakayahan
66–85	Umuunlad na Kakayahan
35–65	Katamtamang Kakayahan
15–34	Mababang Kakayahan
5–14	Napakababang Kakayahan
0–4	Walang Natamong Kakayahan

Upang matiyak ang bisa ng mga talatanungan sa pag-aaral na ito, isinailalim ang bawat tanong sa balidasyon ng mga eksperto mula sa larangan ng Filipino. Pinili ang apat (4) na eksperto ayon sa kanilang karanasan, pananaliksik at kahusayan sa nasabing larangan. Sila ang sumuri sa kaangkupan ng wika, nilalaman, at pagkakatatugma ng mga pahayag sa layunin ng pananaliksik, Table of Specifications (TOS) at kasanayang pampagkatuto.

Pagkatapos ay ipinasagot ito sa animnapung (60) mag-aaral mula sa ibang istrand na hindi kasama sa kalahok pag-aaral upang makita kung malinaw ang mga tanong, ang mga aytem ay hindi nakakalito o kung may hindi akma at madaling sagutin. At upang masukat ang pagkakapareho ng mga aytem (internal consistency), ginamit ang Cronbach's Alpha. Kapag ang Alpha Value ay 0.70-1.00, ibig sabihin ay katanggap-tanggap ang bawat aytem samantalang kapag mababa ang alpha ay kailangan rebisahin o alisin ang aytem na hindi akma.

Ang mungkahi at obserbasyon mula sa mga piling eksperto ay ginamit upang baguhin, palinawin, o isaayos ang mga aytem sa talatanungan bago ito gamitin sa aktwal na pangangalap ng datos. Sa pamamagitan ng balidasyong ito, tiniyak ng mananaliksik na may content validity ang instrumento at naaangkop sa pang-unawa ng mga respondente

Batay sa isinagawang reliability test gamit ang Cronbach's Alpha, ang nabuong talatanungan na may 100 aytem ay nakapagtala ng  $\alpha=.708$ . Kapag na-standardize naman ang aytem, tumaas ang resulta sa  $\alpha=.761$ . Nagpapakita lamang ito na ang talatanungan ay katanggap-tanggap dahil sa mataas na antas ng internal consistency at balido para sa paggamit sa pananaliksik.

Ang pangangalap ng datos ay sinimulan pagkatapos makuha ang mga nilagdaang pahintulot ng magulang at liham ng pagsang-ayon ng mga kalahok Ang mananaliksik ay humingi ng permiso sa Tagapamanihala ng Dibisyon ng mga Paaralan sa lalawigan ng Romblon na mangalap ng mga datos sa Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc sa pamamagitan ng sulat na pinirmahan ng Dekana ng Paaralang Gradwado ng Pamantasang Pampamahalaan ng Mindoro. Ang nasabing sulat ay ipinadala sa punong-guro ng nasabing paaralan at ipinamahagi ang talatanungan. Matapos sagutan ang mga talatanungan inilahad, kinuha at itinala ang mga datos. Ito ay isinaayos at nilapatan ng istadistika.

Upang matiyak ang kaligtasan, karapatan, at kapakanan ng mga piling kalahok, ang mga sumusunod na etikal na pamantayan ng pananaliksik ay ipinatupad: paghingi ng pahintulot sa magulang o legal na tagapag-alaga, pagbigay ng kasulatan ng pagsang-ayon sa mga piling kalahok, pagpapanatili ng pagkapribado at kumpidensiyalidad, paghahanda ng kaugnay na Offline Mobile Reading Application at pagsunod sa mga pamantayan ng institusyon at batas

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Science, Technology, Engineering and Mathematics (STEM) ng ikalabing-isang baitang ng Senior High School ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc, Poblacion, Looc, Romblon.

Ang estadistikang deskriptibo at inferensyal ang ginamit sa pananaliksik na ito upang makalap at masuri ang mga datos sa pananaliksik. Ang estadistikang deskriptibo ay ginamit upang ipakita ang mean, standard deviation at percentage ng mga sagot ng mga piling kalahok sa pauna at panghuling panukatang pagsusulit. Samantalang estadistikang inferensyal naman ang ginamit upang masuri kung may malaking pagkakaiba sa nakuhang iskor sa pagitan ng kontroladong pangkat at pangkat eksperimental. Ginamit sa bahaging ito ang Paired-sample T-test upang ihambing ang mga iskor na nakuha sa pauna at panghuling panukatang pagsusulit sa loob ng bawat pangkat. Samantalang Independent Sample T-test naman ang ginamit upang maipakita ang malaking pagkakaiba ng nakuhang iskor sa pagitan ng kontroladong pangkat na gumamit ng karaniwang pamamaraan at pangkat eksperimental naman na gumamit ng OMRA bilang interbensiyon sa pagpapataas ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto. Itinakda sa estadistikang ito ang 0.05 na antas ng kahalagahan (significant value) upang makita kung may pagkakaiba sa resulta nito.

### **Mga Resulta at Pagtalakay**

Ang bahaging ito ay naglalahad, nag-aanalisa at nagpapaliwanag ng mga nakalap na datos mula sa resulta ng pauna at panghuling panukatang pagsusulit sa pagsusuri ng teksto ng mga piling mag-aaral ng STEM sa ikalabing-isang baitang ng Senior High School ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc. Ang mga talahanayan at pagtalakay ay ibinatay ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga tanong na nailahad sa suliranin ng pag-aaral.

Ang pananaliksik na ito ang nagbigay-daan upang makita ng mananaliksik ang bisa ng Offline Mobile Reading Application (OMRA) bilang interbensiyon sa pagpapataas ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto sa kabila na hindi gumamit ng internet. Ang nabuong OMRA ay inaasahang magagamit hindi lamang sa Mataas na Paaralang Nasyonal ng Looc kundi maging sa iba pang paaralang sekondarya sa lalawigan ng Romblon sa ilalim ng pangangasiwa ng Kagawaran ng Edukasyon.

### 1. Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng mga mag-aaral sa kontroladong pangkat bago gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA)

Ang pagsukat sa kakayahan ng kontroladong pangkat sa pagsusuri ng teksto ay mahalaga upang matukoy ang kanilang paunang kaalaman nang walang impluwensya ng anomang interbensiyon. Ang resulta nito ay naging daan upang maging malinaw ang paghahambing sa pagkakaiba ng kakayahan bago ang pagpapatupad ng interbensiyon.

Matutunghayan sa Talahanayan 2 ang antas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto sa kontroladong pangkat bago gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA).

#### Talahanayan 2

#### Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat Bago Gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA)

Mga Kasanayan	Mean	SD	Bahagdan	Deskripsyong Berbal
Pagtukoy sa Paksa	5.47	2.26	54.70	Katamtaman
Pagtukoy sa Kahulugan at Katangian ng Mahahalagang Salita	6.13	2.37	61.30	Katamtaman
Pagbabahagi ng Katangian at Kalikasan ng Iba't Ibang Teksto	6.47	1.43	64.70	Katamtaman
Pagsulat ng Halimbawa ng Teksto gamit ang Cohesive Devices	18.33	3.21	61.10	Umuunlad na Kakayahan
Pagkuha ng Angkop na Datos	6.50	2.10	65.00	Katamtaman
Pag-uugnay at Pagpapaliwanag ng mga Kaisipan	17.47	6.21	58.23	Umuunlad na Kakayahan
<b>Kabuuang Bahagdan:</b>	<b>60.37</b>			<b>Katamtaman</b>

Malinaw na nakasaad sa Talahanayan 2 ang kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng kontroladong pangkat bago gamitin ang OMRA. Batay sa nakuhang kabuoang bahagdan na 60.37%, ang kanilang pangkalahatang kakayahan mula sa anim na kasanayang pampagkatuto ay nasa Katamtamang Antas. Ipinahihiwatig nito na sila ay nagtataglay ng batayang kaalaman sa pagsusuri ng teksto subalit hindi pa ito ganap na nalilintang. Bagama't nagagawa nilang matukoy ang ilang mahahalagang elemento ng teksto, kinakailangan pa nang higit na pagsasanay at gabay upang mapalalim ang kanilang kakayahan sa mas mataas na antas ng pag-unawa at kritikal na pagsusuri.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa natuklasan ni De La Cruz (2025) na nagsasaad na ang mababa o katamtamang lebel ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ay nangangailangan ng agarang pansin at interbensyon na magpapaunlad ng kanilang kakayahang pang-akademiko. Binigyang-diin sa naturang pag-aaral na ang sistematikong pagtuturo at wastong kagamitan ay

mahalaga sa paglinang ng mapanuring pag-iisip na inaasahan sa ikalabing-isang baitang sa asignaturang Filipino.

Ipinapakita ng resulta na bagama't nasa katamtamang antas ang kanilang kakayahan bago ang implementasyon ng OMRA, malinaw na kinakailangan pa rin ang interbensyong magpapabuti ng kanilang kasanayan. Dahil dito, mahalagang magpatupad ng mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagsusuri ng teksto. Ang paggamit ng mga teknolohikal na interbensyon ay inaasahang makatutulong upang mapataas ang kakayahan at kritikal na pag-iisip.

## 2. Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental Bago Gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA)

Mahalaga ang paunang pagtatasa upang matukoy ang basehan ng kanilang perormans at magsilbing batayan sa paghahambing ng kanilang magiging pag-unlad matapos ang interbensyon. Sa pamamagitan nito, masusuri kung may pagbabago o pagtaas sa kanilang kasanayan na naging ambag ng aplikasyon sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto.

Inilahad sa Talahanayan 3 ang kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng pangkat eksperimental bago gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA), bilang batayan sa pagtukoy ng kanilang panimulang antas ng pagganap.

### Talahanayan 3

#### Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental Bago Gamitin ang *Offline Mobile Reading Application*

Mga Kasanayan	Mean	SD	Bahagdan	Deskripsyong Berbal
Pagtukoy sa Paksa	5.80	1.19	58.00	Katamtaman
Pagtukoy sa Kahulugan at Katangian ng Mahahalagang Salita	6.67	1.86	66.70	Umuunlad na Kakayahan
Pagbabahagi ng Katangian at Kalikasan ng Iba't Ibang Teksto	6.57	1.52	65.70	Umuunlad na Kakayahan
Pagsulat ng Halimbawa ng Teksto gamit ang Cohesive Devices	20.50	2.75	68.33	Umuunlad na Kakayahan
Pagkuha ng Angkop na Datos	6.87	1.66	68.70	Umuunlad na Kakayahan
Pag-uugnay at Pagpapali-wanag ng mga Kaisipan	19.07	4.37	63.56	Katamtaman
<b>Kabuuang Bahagdan:</b>	<b>65.48</b>			<b>Katamtaman</b>

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng pangkat eksperimental bago gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA). Batay sa kabuuang bahagdan na 65.48%, ang pangkalahatang kakayahan ay nasa Katamtaman. Ipinahihiwatig nito mayroon na silang paunang kakayahan sa pagsusuri ng mga ideang nakapaloob sa teksto bagamat hindi pa ganap ito. Ang pangkat eksperimental ay may handang pundasyon sa bago pa man isagawa ang interbensyon.

Sinusuportahan ito ni Hassan (2024) na ang pagkakaroon ng sapat na pundasyon sa pagsusuri ng teksto ay nakakaunawa nang higit sa mga kahulugan at mensahe ng komunikasyon sa mga uri ng sulatin. Ipinahihiwatig ng resulta ang implikasyon na may kakayahang maaaring higit pang mapahusay sa tulong ng angkop na estratehiya tulad ng Offline Mobile Reading Application (OMRA).

### 3. Antas ng kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat Pagkatapos Gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA)

Mahalaga ang pagtataya upang matukoy ang kakayahan sa kontroladong pangkat matapos ang isinagawang panghuling panukatang pagsusulit kahit hindi sila sumailalim sa paggamit ng Offline Mobile Reading Application (OMRA). Sa pamamagitan nito, masusuri ang kanilang pagganap batay sa karaniwang paraan ng pagtuturo at magsisilbi itong batayan sa paghahambing sa resulta ng pangkat eksperimental upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pag-aaral.

Nagpapakita ang Talahanayan 4 ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng pangkat eksperimental bago gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA), bilang batayan sa pagtukoy ng kanilang panimulang antas ng pagganap.

#### Talahanayan 4

#### Antas ng kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat Pagkatapos Gamitin ang *Offline Mobile Reading Application* (OMRA)

Mga Kasanayan	Mean	SD	Bahagdan	Deskripsyong Berbal	
Pagtukoy sa Paksa	8.40	0.97	84.00	Umuunlad Kakayahan	na
Pagtukoy sa Kahulugan at Katangian ng Mahahala-gang Salita	8.70	0.53	87.00	Malapit sa Ganap Kakayahan	na
Pagbabahagi ng Katangian at Kalikasan ng Iba't Ibang Teksto	7.67	1.03	76.70	Umuunlad kakayahan	na
Pagsulat ng Halimbawa ng Teksto gamit ang Cohesive Devices	19.47	4.23	64.90	Katamtaman	
Pagkuha ng Angkop na Datos	8.47	0.94	84.70	Umuunlad Kakayahan	na
Pag-uugnay at Pagpapali-wanag ng mga Kaisipan	23.53	3.94	78.43	Umuunlad Kakayahan	na
<b>Kabuuang Bahagdan</b>	<b>76.24</b>			<b>Umuunlad Kakayahan</b>	<b>na</b>

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng kontroladong pangkat. Sa kabuoang bahagdan na 76.24%, ang pangkalahatang kakayahan ay umangat sa antas na “umuunlad na kakayahan.” Ipinahihiwatig nito na may makabuluhang pagtaas at nagpapakita

ng positibong pagbabago sa kasanayan sa pagsusuri ng teksto. Ipinakita ng resulta na ang pagtutok sa pagsusuri ng teksto ay epektibo sa pagpapahusay ng malalim na pagsusuri ng teksto.

Nakapagtala ang mga estudyante sa kasanayang Pagtukoy sa Paksa ng mean na 8.40 at SD na 0.97 (84.00%) na may deskripsyong Umuunlad na Kakayahan. Ang mababang SD ay nagpapakita ng mas konsistent na pagganap. Ang malinaw na pagtukoy sa pangunahing idea ay pundamental sa mas mataas na lebel ng pag-unawa. Sinusuportahan nina Lagdaan at Sevilla (2025) na nagpapakita na ang malinaw na pagtukoy sa pangunahing idea ay nakatutulong sa matibay na lohikal na daloy ng idea sa pagsusulat. Ang konsistent na pagganap ay nagpapahiwatig na ang pagtutok sa pagtukoy sa paksa ay mahalaga upang mapalakas ang sa pagbasa at pagsusuri ng akda.

Samantalang ang kasanayang Pagtukoy sa Kahulugan at Katangian ng Mahahalagang Salita ay nakapagtala naman ng 8.70 na mean at SD na 0.53 (87.00%) na may deskripsyong Malapit sa Ganap na Kakayahan. Ito ang may pinakamataas na antas ng pagganap at may pinakamababang SD, na nagpapakita ng halos pare-parehong mataas na kakayahan sa bokabularyo at kontekstuwal na pag-unawa. Ang malalim na bokabularyong kaalaman ay mahalaga sa kritikal na pag-unawa sa binabasa. Ang malawak na bokabularyo ay nagpapalinaw sa teksto na mahalaga sa akademikong pagsusuri at pagpapaliwanag.

Makikita sa talahanayan na ang kasanayang Pagbabahagi ng Katangian at Kalikasan ng Iba't Ibang Teksto ay nakapagtala ng mean na 7.67 at SD na 1.03 (76.70%) na may deskripsyong umuunlad na kakayahan. Ang relatibong mababang SD ay nagpapakita ng pagkakaiparepareho ng pagganap. Pinatunayan nina Duke et al., (2021) na ang malinaw na pagtuturo ng katangian at kalikasan ng teksto ay nakapagpapatatag ng kasanayan sa pagbasa. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang regular na pagtutok sa teksto at estruktura nito ay nakatutulong sa mas epektibong pagkilala at pagpapaliwanag ng mga katangian ng teksto.

Gayundin naman, sa Pagsulat ng Halimbawa ng Teksto gamit ang Cohesive Devices, nakakuha ang mga estudyante ng mean na 19.47 at SD na 4.23 (64.90%) na may deskripsyong Katamtaman. Bagama't nagkaroon ng pagtaas sa mean kumpara sa paunang resulta, nananatiling mas mataas ang SD, na naglalahad ng mas malaking pagkakaiba-iba sa pagsulat. Sinuportahan ni Saad Alghamdi (2024) na ang cohesive devices ay mahalaga sa malinaw at organisadong pagbuo ng teksto. Ang mas mataas na SD ay nangangailangan ng gabay sa paggamit ng cohesive devices upang may kaisahan at pagkakasunod-sunod ng idea.

Sa Pagkuha ng Angkop na Datos naman ay nakapagtala ng mean na 8.47 at SD na 0.94 (84.70%) na may deskripsyong Umuunlad na Kakayahan. Ang mababang SD ay nagpapahiwatig ng konsistent na pagganap sa pagtukoy ng suportang detalye. Sinusuportahan ito ni Afflerbach (2022) na nagsasabing ang kakayahang pumili at gamitin ang angkop na detalye mula sa teksto ay mahalaga sa pag-unlad ng pag-unawa. Ipinapakita nito na ang pagtutok sa sistematikong pagkuha ng datos ay nakapagpapalakas ng kakayahan sa pagbasa at pagbibigay-kahulugan sa teksto.

Inilahad din ng talahanayan na sa kasanayang Pag-uugnay at Pagpapaliwanag ng mga Kaisipan ay nakapagtala ng mean na 23.53 at SD na 3.94 (78.43%) na may deskripsyong Umuunlad na Kakayahan. Bagama't mas mataas ang SD kumpara sa ibang kasanayan, malinaw

ang pagtaas ng mean na nagpapakita ng pag-unlad sa pagsasama-samang pag-unawa at komprehensiyong inferensyal. Ang pagpapalakas ng kakayahan sa pag-uugnay at pagpapaliwanag ng mga idea ay mahalaga sa mas lohikal at kritikal na pag-aanalisa ng teksto.

#### **4. Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental Pagkatapos Gamitin ang Offline Mobile Reading Application**

Ang pagsukat sa pagkatuto ay mahalaga pagkatapos ang pagsasagawa ng interbensyon upang matukoy ang pagtaas o pagbabago sa kakayahan kumpara sa kanilang panimulang antas.

Ipinapakita sa Talahanayan 5 sa ibaba ang resulta ng panghuling panukatang pagsusulit ng pangkat eksperimental matapos gamitin ang Offline Mobile Reading Application (OMRA) bilang batayan sa interpretasyon ng kanilang pagganap.

##### **Talahanayan 5**

#### **Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental Pagkatapos Gamitin ang *Offline Mobile Reading Application***

<b>Mga Kasanayan</b>	<b>Mean</b>	<b>(SD)</b>	<b>Bahagdan</b>	<b>Deskripsyong Berbal</b>
Pagtukoy sa Paksa	9.07	0.94	90.70	Malapit sa Ganap na Kakayahan
Pagtukoy sa Kahulugan at Katangian ng Mahahalagang Salita	9.03	0.67	90.30	Malapit sa Ganap na Kakayahan
Pagbabahagi ng Katangian at ng Iba't Ibang Teksto	9.10	0.80	91.00	Malapit sa Ganap na Kakayahan
Pagsulat ng Kalikasan Halimbawa ng Teksto gamit ang Cohesive Devices	23.37	1.83	77.90	Umuunlad na Kakayahan
Pagkuha ng Angkop na Datos	8.73	0.78	87.30	Malapit sa Ganap na Kakayahan
Pag-uugnay at Pagpapaliwanag ng mga Kaisipan	26.40	1.92	88.00	Malapit sa Ganap na Kakayahan
<b>Kabuuang Bahagdan</b>	<b>85.70</b>			<b>Malapit sa Ganap na Kakayahan</b>

#### **5. Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat at Pangkat Eksperimental Bago ang Interbensyon.**

Ang paghahambing ng kakayahan ng kontrolado at pangkat eksperimental bago ang interbensyon ay mahalaga upang matiyak kung ang dalawang pangkat ay may pagkakatulad sa panimulang antas ng pagganap. Sa pamamagitan nito, natutukoy ang kanilang baseline performance na maaaring makaapekto sa paglalahad ng resulta.

Matutunghayan sa Talahanayan 6 ang pagkakaiba ng resulta sa pagsusuri ng teksto sa pagitan ng kontrolado at pangkat eksperimental bago ang interbensyon.

**Talahanayan 6**  
**Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa**  
**Kontroladong Pangkat at Pangkat Eksperimental Bago ang Interbensyon**

Levene's Test for Equality of Variances	t-test for Equality of Means					
F	Sig.	t	df	Sig. (2- tailed)	Mean Difference	Std. Error Difference
0.988	0.324	-2.187	58	0.033	-5.100	2.332

Ang kakayahan ng dalawang pangkat bago ang interbensyon ay malinaw na ipinakita sa Talahanayan 6 gamit ang independent samples t-test.

Batay sa resulta ng Levene's Test, nakapagtala ng  $F = 0.988$  at  $\text{Sig.} = 0.324$ . Dahil ang p-value (0.324) ay mas mataas sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, nangangahulugan ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa baryans ng dalawang pangkat. Samakatuwid, maaaring gamitin ang resulta ng t-test na may asumsyon ng equal variances assumed.

Nakapagtala ang pag-aaral sa pagsusuri ng mean difference ng  $t = -2.187$ ,  $df = 58$ , at  $\text{Sig. (2-tailed)} = 0.033$ . Dahil ang p-value na 0.033 ay mas mababa sa 0.05, ipinapakita nito na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan ng dalawang pangkat bago ang interbensyon. Ang mean difference na -5.100 ay nagpapahiwatig na ang mean score ng pangkat eksperimental ay mataas kumpara sa kontroladong pangkat bago pa man isagawa ang interbensyon. Ang standard error difference na 2.332 ay nagpapakita ng katamtamang antas ng variability sa pagitan ng mga mean ng dalawang pangkat.

Ipinapakita sa kabuoan ng Talahanayan 6 na bago ang paggamit ng offline mobile reading application, ang pangkat eksperimental ay may mataas na kakayahan kumpara sa kontroladong pangkat. Ang makabuluhang resulta ng t-test ( $p = 0.033$ ) ay nagpapahiwatig na hindi magkapantay ang dalawang pangkat sa simula ng pag-aaral. Batay sa resulta, makikita na kailangan pa rin ang patuloy at masusing pagsasanay nang higit na mapalakas ang kakayahan sa pagsusuri ng binabasang teksto. Ang bahagyang pagtaas ng paunang kakayahan ay hindi nangangahulugang ganap nang nahubog ang mga kasanayan sa pagsusuri ng teksto. Dahil dito, mahalagang ipagpatuloy ang mga pamamaraan sistematiko sa pagbasa na magpapalalim sa pag-unawa, pagsusuri, at pag-uugnay ng mga idea sa teksto.

**6. Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat at Pangkat Eksperimental Pagkatapos ang Interbensyon**

Ang pagkakaiba ng kakayahan ng kontrolado at pangkat eksperimental pagkatapos ng interbensyon ay mahalagang suriin kung may naganap na makabuluhang pagbabago sa kanilang pagganap. Sa pamamagitan ng panghuling panukatang pagsususlit ng dalawang pangkat,

masusuri kung ang isinagawang interbensyon ay nagkaroon ng epekto sa pagpapahusay ng kasanayan.

Malinaw na inilahad sa Talahanayan 7 ang pagkakaiba sa kakayahan ng kontrolado at pangkat eksperimental pagkatapos ng interbensyon.

### Talahanayan 7

#### Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat at Pangkat Eksperimental Pagkatapos ang Interbensyon

Test	F	Sig.	t	df	Sig. (2-tailed)	Mean Difference	Std. Error Difference
<b>Levene's Test for Equality of Variances</b>	3.744	0.058	-	-	-	-	-
<b>t-test (Equal variances assumed)</b>	-	-	-6.051	58	0.000	-9.833	1.625
<b>t-test (Equal variances not assumed)</b>	-	-	-6.051	41.288	0.000	-9.833	1.625

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang kakayahan sa pagitan ng kontrolado at pangkat eksperimental pagkatapos ng interbensyon gamit ang independent samples t-test.

Batay sa resulta ng Levene's Test, nakapagtala ng  $F = 3.744$  at  $\text{Sig.} = 0.058$ . Dahil ang p-value na 0.058 ay mas mataas sa 0.05, hindi ito itinuturing na makabuluhan. Samakatuwid, maaaring ipagpalagay na hindi nalabag ang homogeneity of variance assumption, at maaaring gamitin ang resulta ng t-test (equal variances assumed) sa interpretasyon. Kung ang resulta ng Levene's test ay hindi makabuluhan ( $p > 0.05$ ), nangangahulugan ito na magkatulad ang variance ng dalawang pangkat at maaaring gamitin ang estandardisadong interpretasyon ng t-test.

Nakapagtala ng  $t = -6.051$ ,  $df = 58$ ,  $\text{Sig. (2-tailed)} = 0.000$ , Mean Difference = -9.833 and Std. Error Difference = 1.625 sa pagsusuri ng mean difference. Dahil ang p-value ay 0.000 ( $p < 0.05$ ), malinaw na may lubhang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng dalawang pangkat pagkatapos ng interbensyon. Ang mean difference na -9.833 ay nagpapahiwatig na ang pangkat eksperimental ay mataas ang kakayahan kumpara sa kontroladong pangkat matapos ang paggamit Ng Offline Mobile Reading Application (OMRA). Ang negatibong tanda ay indikasyon lamang ng direksyon ng pagkakaiba (nakabatay sa kung aling grupo ang ibinawas sa pagsusuri). Samantala, ang standard error difference na 1.625 ay nagpapakita ng relatibong mababang variability sa pagitan ng dalawang mean, na nagpapalakas sa katatagan ng resulta.

Ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng panghuling panukatang pagsusulit sa isang quasi-experimental na disenyo ay indikasyon ng potensyal na epekto ng interbensyon, lalo na kung ang iskor ng punang panukatang pagsusulit ay mas mababa kumpara sa panghuling panukatang pagsusulit. Ang t-value na -6.051 ay nagpapakita ng malaking distansya ng dalawang mean relative sa standard error. Ayon kay Ouyang (2024), ang mas mataas na absolute t-value ay indikasyon ng mas malakas na ebidensiya laban sa null hypothesis. Ipinapakita ng OMRA ang malinaw at positibong epekto nito sa pagtaas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng pangkat eksperimental.

Ayon kay Olatubosun (2025) ang integrasyon ng aplikasyong mobile sa pagbabasa ay nakapagpapataas ng kanilang komprehensiyon at interes kumpara sa tradisyonal na pamamaraan. Ang resulta ng Talahanayan 7 ay umaayon sa ganitong pananaw, na nagpapakita na ang digital na interbensiyon na may malinaw na estruktura at gabay ay nakakatulong sa mas mataas na antas ng pag-aanalisa at pag-uugnay ng idea.

Ipinapakita sa kabuoan ng Talahanayan 7 na matapos ang interbensyon, ang pangkat eksperimental ay nagpakita ng mas mataas at makabuluhang pag-unlad kumpara sa kontroladong pangkat. Ang makabuluhang resulta ng t-test ( $p = 0.000$ ) at ang malaking mean difference na 9.833 puntos ay nagpapahiwatig na ang OMRA ay epektibo sa pagsusuri ng teksto. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng matibay na estadistikal na ebidensiya na ang interbensyon ay nagkaroon ng mahalagang kontribusyon sa literasi. Batay sa resulta ng pananaliksik, ipinahihiwatig na ang OMRA ay may mahalagang ginagampanan sa pagpapataas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto. Ipinapakita ng makabuluhang pagtaas ng marka ng pangkat eksperimental na ang integrasyon ng mga makabagong kagamitang panturo ay maaaring magsilbing epektibong suporta sa maunlad na pagbasa. Dahil dito, mahalagang isaalang-alang ang paggamit ng mga makabagong estratehiya at digital na kagamitang panturo sa pagsusuri ng binabasang teksto. Gayundin, ipinahihiwatig ng resulta na ang mga ganitong uri ng interbensiyon ay maaaring gamitin bilang alternatibong paraan sa pagpapahusay ng literasi.

## **7. Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat Bago at Pagkatapos ang Interbensyon**

Mahalagang suriin ang kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng kontroladong pangkat bago at pagkatapos ang isinagawang panahon ng pag-aaral upang matukoy kung may naganap na pagbabago sa kanilang pagganap kahit walang inilapat na interbensyon. Sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta ng pauna at panghuling panukatang pagsusulit, masusuri kung ang anomang pag-unlad ay maaaring maiugnay sa karaniwang paraan ng pagtuturo o sa iba pang salik.

### Talahanayan 8

#### Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Kontroladong Pangkat Bago at Pagkatapos ang Interbensyon

Paired Comparison	Mean Difference	SD	SE	t	df	Sig. (2-tailed)	95% Confidence Interval
Pauna at panghuling panukatayang pagtataya	-15.87	10.45	1.91	-8.31	29	.000	[-19.77, -11.96]

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang resulta ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng kontroladong pangkat bago at pagkatapos ng interbensyon gamit ang paired samples t-test.

Batay sa resulta, nakapagtala ng mean difference na -15.87, na nagpapahiwatig ng malaking pagtaas sa panghuling panukatayang pagtataya kumpara sa paunang panukatang pagtataya. Ang negatibong tanda ay indikasyon lamang ng direksyon ng pagkakaiba (pre-test minus post-test), ngunit malinaw na mas mataas ang post-test scores.

Ang standard deviation (SD) na 10.45 ay nagpapakita ng relatibong malawak na saklaw ng pagbabago sa marka ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, bagama't karamihan ay nagpakita ng pag-unlad, may pagkakaiba-iba sa lawak ng pagtaas ng kanilang marka. Ang standard error (SE) na 1.91 ay nagpapahiwatig ng katatagan ng mean difference estimate. Ang malaking mean difference na sinusuportahan ng mababang standard error ay indikasyon ng matibay na ebidensiyang estadistikal laban sa null hypothesis. Ang resulta ng paired t-test ay  $t = -8.31$ ,  $df = 29$  and  $\text{Sig. (2-tailed)} = 0.000$ . Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05 ( $p < 0.001$ ), nangangahulugan ito na may pagkakaiba sa antas ng kakayahan bago at pagkatapos ng interbensyon sa kontroladong pangkat.

Ang makabuluhang resulta sa paired samples t-test ay nagpapahiwatig na ang pagbabago sa marka ay hindi bunga ng pagkakataon lamang kundi may sistematikong dahilan, tulad ng exposure sa karanasan o interbensyon sa loob ng panahon ng pag-aaral. Ang 95% confidence interval na [-19.77, -11.96] ay hindi sumasaklaw sa zero, na higit pang nagpapatibay na ang pagkakaiba ay makabuluhan. Ipinapahiwatig nito na may 95% katiyakan na ang tunay na mean difference ay nasa pagitan ng 11.96 hanggang 19.77 puntos na pagtaas sa post-test scores. Ang confidence interval na hindi sumasaklaw sa zero ay malinaw na indikasyon ng makabuluhang epekto at nagbibigay ng mas konkretong interpretasyon ng lawak ng pagbabago.

Ipinapakita sa kabuoan ng Talahanayan 8 na ang kontroladong pangkat ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto matapos ang interbensyon. Ang malaking mean difference (15.87 puntos), mataas na absolute t-value (-8.31), at makabuluhang p-value (0.000) ay nagpapakita ng malinaw na pag-unlad. Bagama't tinukoy bilang kontroladong pangkat, ang pagtaas ng marka ay maaaring maiugnay sa natural na pagkatuto, pagtuturo sa klasrum o iba pang salik sa loob ng panahon ng pag-aaral. Sa mga quasi-experimental na disenyo, mahalagang isaalang-alang ang mga salik ng internal validity tulad ng maturation at epekto ng pagsusulit sa interpretasyon ng resulta. Batay sa resulta, ipinahihiwatig na kahit ang

kontroladong pangkat ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto sa paglipas ng panahon. Ipinapakita nito na ang patuloy na pagtuturo sa klasrum, regular na pagbasa, at ang natural na pag-unlad ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot din ng pagtaas sa kanilang pagganap. Gayunpaman, mahalagang isaalang-alang ang mga salik tulad epekto ng pagsusulit sa pagbibigay-kahulugan sa mga resulta ng pag-aaral. Ipinahihiwatig din nito na ang tuloy-tuloy na paglinang ng mga gawain sa pagbasa at pagsusuri ng teksto sa loob ng klasrum ay mahalaga upang mapanatili at lalo pang mapahusay ang kanilang kakayahan sa kritikal na pagsusuri ng binabasa.

### 8. Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental Bago at Pagkatapos ng Interbensyon

Mahalagang isagawa ang Paired Sample T- test upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng pangkat eksperimental bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa pamamagitan ng estadistikang pagsusuring ito, nasusukat kung ang pagbabago sa kanilang marka sa pauna at panghuling panukatang pagsusulit ay sapat upang maituring na makabuluhan at hindi lamang bunga ng pagkakataon.

Sa Talahanayan 9 ay malinaw na ipinakita ang Paired Sample T-test sa pagkakaiba sa antas ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto sa pangkat eksperimental bago at pagkatapos ng interbensyon.

**Talahanayan 9**  
**Paired Sample Test sa Pagkakaiba sa Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Teksto ng mga Mag-aaral sa Pangkat Eksperimental Bago at Pagkatapos ng Interbensyon**

Paired Differences	Mean	Std. Deviation	Std. Error Mean	95% Confidence Interval of the Difference	t	df	Sig. (2-tailed)
Pauna at panghuling Panukatang Pagsusulit	-20.60	8.06269	1.47204	Lower: -23.61066 Upper: -17.58934	-13.994	29	.000

Ang resulta ay ipinakitang malinaw sa Talahanayan 9 gamit ang Paired Samples T-test sa pagkakaiba ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental bago at pagkatapos ng interbensyon.

Nakapagtala batay sa datos ng mean difference na -20.60, na nagpapahiwatig ng mas malaking pagtaas sa panghuling panukatang pagsusulit kumpara sa paunang pagsusulit. Ang negatibong tanda ay indikasyon lamang ng direksyon (pre-test minus post-test), ngunit malinaw na mas mataas ang kanilang iskor ng panghuling panukatang pagsusulit ng mga mag-aaral.

Ang SD na 8.06269 ay nagpapakita na may kaunting pagkakaiba-iba sa lawak ng kanilang pag-unlad, ngunit mas mababa ito kumpara sa naitalang SD ng kontroladong pangkat. Ipinapahiwatig nito na mas konsistent ang pagtaas ng marka sa pangkat eksperimental.

Samantala, ang standard error mean na 1.47204 ay mababa, na nagpapakita ng mataas na katatagan ng mean difference estimate. Ang mababang standard error na may malaking mean difference ay indikasyon ng malakas na estadistikal na ebidensya ng pagbabago.

Ang resulta ng paired t-test ay  $t = -13.994$ ,  $df = 29$  and  $\text{Sig. (2-tailed)} = 0.000$ . Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05 ( $p < 0.001$ ), malinaw na may lubhang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan ng pangkat eksperimental bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang napakataas na absolute t-value (-13.994) ay nagpapakita ng napakalakas na epekto ng interbensyon. Ang mas mataas na t-value ay indikasyon ng mas malakas na distansya ng dalawang mean relative sa variability, na nagpapalakas sa konklusyon ng makabuluhang pagbabago. Ang 95% confidence interval ng mean difference ay mula -23.61066 hanggang -17.58934. Dahil hindi nito sinasaklaw ang zero, lalo nitong pinatutunayan na ang pagkakaiba ay makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na may 95% katiyakan na ang tunay na pagtaas sa marka ay nasa pagitan ng humigit-kumulang 17.59 hanggang 23.61 puntos. Ang confidence interval ay malinaw na interpretasyon ng lawak at direksyon ng epekto, at sa kasong ito ay nagpapakita ng malaking positibong pagbabago sa kanilang kakayahan. Sinuportahan nina Garzon et al., (2025) na ang paggamit ng offline mobile applications sa pagsusuri ng teksto ay nagdudulot ng akademikong pagkatuto at intelektuwal na pagganap ng mga estudyante kumpara sa tradisyonal na pamamaraan.

Ipinakita sa kabuoan ng Talahanayan 9 na ang pangkat eksperimental ay nakapagtala ng mas malaking pagtaas (20.60 puntos) kumpara sa naitalang pagtaas ng kontroladong pangkat (15.87 puntos sa Talahanayan 8). Ang mas mababang SD, mas mataas na absolute t-value (-13.994), at makabuluhang p-value (0.000) ay nagpapakita na ang OMRA ay nagkaroon ng malakas at sistematikong epekto sa pagpapataas ng antas ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto. Ang resulta ng Paired Sample T-test, ipinahihiwatig na ang integrasyon ng OMRA ay nakapagpapataas ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto. Ang malaking pagtaas ng marka ng pangkat eksperimental at ang makabuluhang estadistikal na resulta ay nagpapakita na ang interbensiyon ginamit ay nagsilbing epektibong pantulong sa pagbasa. Ipinahihiwatig din nito na ang integrasyon ng mga makabagong kagamitang pampagkatuto, tulad ng aplikasyong mobayl, ay nakatutulong sa mas sistematikong pagsusuri sa teksto. Dahil dito, mahalagang bigyang-tuon ang paggamit ng mga estratehiya at kagamitang nakasentro sa aktibong pakikilahok sa literasi at kakayahan sa kritikal na pag-iisip.

## 9. Mungkahing Offline Mobile Reading Application (OMRA)

Ang isinagawang pananaliksik at administrasyon ng panghuling panukatang pagsusulit ay nagpapatunay ang Offline Mobile Reading Application (OMRA) ay isang mabisang interbensiyon sa pagsusuri ng teksto. Ang aplikasyon ay nakatulong sa kanila na malinang ang kasanayan sa pagsusuri ng mga teksto. Sa paggamit ng OMRA, nagkaroon sila ng mataas na partisipasyon dahil sa tuloy-tuloy na akses sa mga babasahin kahit walang internet. Naging mas



independent din ang mga mag-aaral sapagkat nagkaroon sila ng kakayahang magbasa at magsuri ng teksto sa sariling oras at bilis, na nagpatibay sa kanilang kasanayan.

Gayunpaman, lumitaw din sa resulta ng pagsusuri ang ilang aspekto na maaaring higit pang mapabuti. Iminungkahing palawakin ang nilalaman ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng gawain sa pagsusulat ng sariling teksto. Ang pagdaragdag ng interaktibong tampok gaya ng pagsusulit ay makatutulong upang mas maging masigla at mas malalim ang pag-aaral. Mahalaga ring mapahusay ang disenyo at paggamit ng aplikasyon upang maging mas user-friendly at inklusibo, kabilang ang opsyon para sa pagbabago ng font size at kulay ng background. Dagdag pa rito, ang pagkakaroon ng analitikong tampok gaya ng pagpapakita ng progreso nang masubaybayan ang kanilang mental na pag-unlad.

Ang OMRA ay maituturing na isang napabuting aplikasyon bilang interbensiyon sa pagsusuri ng teksto. Ito ay malinaw na nakatulong sa paglinang ng kakayahan sa pagbasa at pagsusuri, at may potensyal pang mapalakas ayon sa mga mungkahing hakbang na nakasaad. Ang aplikasyon ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsusuri ng teksto, at kung patuloy na mapapahusay ay higit na makapag-aambag sa kalidad ng edukasyon.

## Konklusyon

Ang resulta ng pag-aaral ay humantong sa mga sumusunod na konklusyon:

1. Nangangailangan ang mga mag-aaral ng sistematikong interbensiyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto mula sa anim na kasanayang pampagkatuto.
2. Hindi ganap na nahuhubog ang kanilang kasanayan sa pagsusuri ng teksto na nangangailangan ng angkop na suporta upang higit pang mapahusay ang kanilang kakayahan.
3. Ang antas ng kasanayan sa pagsusuri ng teksto gamit ang karaniwang pamamaraan ay nakatutulong sa pagpapanatili ng paglago kanilang kakayahan.
4. Ang integrasyon ng interbensiyon ay epektibo sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagsusuri ng teksto na nagreresulta ng mas mataas at mas konsistent na pag-unawa at kritikal na pagsusuri.
5. Ang mga estudyante ay may malaking pangangailangan na dapat tugunan ng mga gawain at mga pagsasanay upang mapalago ang kanilang kaalaman sa pagsusuri ng teksto.
6. Ang paggamit ng *Offline Mobile Reading Application* (OMRA) ay mas epektibo na mapahusay ang kasanayan sa pagsusuri ng teksto ng mga gumagamit nito kumpara sa karaniwang pamamaraan.
7. Ang karaniwang pamamaraan ng pagtuturo ay epektibo rin sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto, na napatunayan sa pamamagitan ng makabuluhang pagtaas ng kanilang marka mula sa pauna hanggang sa panghuling panukatang pagsusulit.
8. Gamitin ang OMRA bilang interbensiyong teknolohikal sa pagpapalago ng kasanayan sa pagsusuri ng binabasang teksto.
9. Kinakailangang bumuo ang mga guro ng mga interbensiyong teknolohikal kagaya ng OMRA na nakatuon sa pagsusuri ng teksto na makatulong sa pagpapataas ng kasanayan.

## Rekomendasyon

Mula sa konklusyon ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihain:  
Mula sa konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihain:

1. Bigyan ng mas mataas na antas ng gawain, pagpapaunlad at iba't ibang kagamitang pampagtuturo upang lalo pang mapalalim at mapahusay ang pundasyon sa pagsusuri ng teksto.
2. Bumuo at magpatupad ng interbensyon na mas sistematiko, nakaangkla sa datos at nakabatay sa kanilang pangangailangan upang matugunan at mapaunlad ng higit pa ang kasanayan sa pagsusuri ng teksto.
3. Paghusayin ang karaniwang pamamaraan ng pagtuturo sa pagdaragdag ng mga angkop na pamamaraan at kagamitang pampagkatuto upang higit pang mapaangat ang kanilang kakayahan sa pagsusuri ng teksto.
4. Gamitin ang OMRA bilang supplementaryong kagamitang pampagtuturo upang higit na malinang ang malalim na pang-unawa at pagsusuri ng teksto.
5. Pagbibigay ng angkop na suporta at karagdagang pagsasanay upang patatagin at pagyamanin ang mga panimulang kakayahan at kasanayan ng mga estudyante sa mas epektibo at matatag na pag-unlad sa pagsusuri ng teksto.
6. Isalang-alang ng mga administrador at guro sa Filipino ang pagtanggap ng institusyon ng OMRA bilang bahagi ng programa sa pag-unlad ng literasi batay sa napatunayang positibong epekto nito.
7. Patuloy na pagsubaybay sa progreso ng pagsusuri sa iba pang salik tulad ng mga pamamaraan sa pagtuturo at mga gawain sa klasrum upang mapalakas pa ang natural na pagkatuto.
8. Pagpapalawak ng implementasyon ng OMRA sa mas malaking populasyon at mas mahabang oras ng paggamit upang mapatunayan pa ng higit ang lakas at konsistensi ng positibong epekto nito sa pagkatuto.
9. Para sa mga susunod na mananaliksik, mainam na magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral sa iba pang baryabol ng OMRA, tulad ng motibasyon ng mag-aaral, integrasyon sa iba pang asignatura, at pangmatagalang kasanayan sa mataas na pag-iisip.

**BIBLIYOGRAPIYA**

- Aclinen, Z. M. & Olesio, M. (2023). Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(12), 319–345. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.024>
- Ahillon Jr., R. C. & Aquino, P. M. (2024). Extent of applicability of offline mobile application for modules and learning packets. *ASEAN Journal of Educational Research and Technology*, 3(1), 59–70. <https://doi.org/10.5281/zenodo.1234567>
- Afflerbach, P. (2022). *Teaching readers (not reading): Moving beyond skills and strategies to reader-focused instruction* (1st ed.). The Guilford Press.
- Ahmad, M., Mansor, N. R., Sung, C. M., & Rashid, R. A. (2020). Mobile technology in enhancing students' higher order thinking skill. *Journal of Physics: Conference Series*, 1529(4), 042057. <https://doi.org/10.1088/1742-6596/1529/4/042057>
- Akmilia, P. M., Faridi, A., & Sakhiyya, Z. (2022). The use of cohesive devices in research paper conference to achieve texts coherence. *English Education Journal*, 12(1). <https://doi.org/10.15294/ej.v12i1.53228>
- Alghamdi, S. S. (2024). The pragmatics of reading: Sense groups in a second language written discourse. *Educational Administration: Theory and Practice*, 30(5), 7207–7213. <https://doi.org/10.53555/kuey.v30i5.3039>
- Al-Nawaiseh, S. J. (2026). The effectiveness of mobile—AI applications in enhancing English reading skills: An experimental study among Jordanian primary school students. *Frontiers in Education*, 10, Article 1718822. <https://doi.org/10.3389/educ.2025.1718822>
- Ameer, Z. (2022). *Read well, live well: Health benefits of reading books*. Google Books. [https://www.google.com.ph/books/edition/Read\\_](https://www.google.com.ph/books/edition/Read_)
- Andreani, S., Muniroh, S., Suharyadi, S., Astuti, U., & Yulizar, Y. (2021). The contribution of genre awareness and reading habits towards students' reading comprehension. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 11(2). <https://doi.org/10.17509/ijal.v11i2.35260>
- Anudin at Peña (2016). *Reading and Writing*. Vibal Group Inc.
- Arthi, M. P. & Gandhimathi, S. N. (2025). Research trends and network approach of critical thinking skills in English Language Teaching – A bibliometric analysis implementing R studio. *Heliyon*, 11, e42080. <https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2025.e42080>
- Avgerinou, M. D. & Pettersson, R. (2020, September 26). Visual Literacy Theory. Presented at the 52nd Annual Conference of the International Visual Literacy Association (IVLA), Online.
- Bandril, L. T., Villanueva, V. M., Tang-Bautista, A., & Palmes, D. F. (2016). *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Vibal Group Inc.
- Barba, M. M. & Bruma, R. D. (2024). Interbensyon sa pagpapaunlad ng antas ng kasanayan sa pagbasa. *International Journal of Novel Research and Development*, 9(5), I227–I235. <https://www.ijnrd.org/papers/IJNRD2405825.pdf>
- Borah, S. A., Guadalquiver, K. D., Layam, H. V., Mendoza, A. M. C., & Antesing, J. J. B. (2024). Mabubuting gawi sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*

- (AJHSSR), 8(3), 76–82. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/H248037682.pdf>
- Bright, N. N. (2024). Critical thinking for teens: Navigate through high school with logic, problem-solving & the art of questioning to spot the truth, misinformation and wisdom in everything. Amazon Digital Services LLC – KDP.
- Bulut, A. (2025). Mapping ‘Reading Comprehension’ from Past to Present: Bibliometric Analysis. *International Journal of Social and Humanities Sciences Research*, 12(117), 488–513. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15128127>
- Cansicio, N. T. (2020). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik: Alternative Delivery Mode, Ikatlong Markahan – Modyul 2: Pagtukoy ng Kahulugan at Katangian ng Mahahalagang Salitang Ginamit ng Iba’t Ibang Uri ng Tekstong Binasa (Unang Edisyon). Department of Education – Republic of the Philippines.
- Cekiso, M. (2025). Traditional methods, explicit, and implicit strategies in reading comprehension instruction: A shift toward strategic engagement. In *Teaching reading comprehension to English learners in secondary schools* (pp. 267–288). IGI Global. <https://doi.org/10.4018/979-8-3373-0144-0.ch012>
- Cerda Cisneros, A. T. (2025). Information and communication technologies and reading comprehension (Undergraduate thesis, Universidad Técnica de Ambato). Facultad de Ciencias Humanas y de la Educación.
- Cervetti, G. N., & Wright, T. S. (2020). The role of knowledge in understanding and learning from text. In E. B. Moje, P. P. Afflerbach, P. Enciso, & N. K. Lesaux (Eds.), *Handbook of reading research* (Vol. 5, pp. xx–xx). Routledge.
- Chavez, O. J. & Palaoag, T. (2024). AI-driven mobile application: Unraveling students’ motivational feature preferences for reading comprehension. *Journal of Research in Innovative Teaching & Learning*, 17(2), 226–242. <https://doi.org/10.1108/JRIT-02-2024-0045>
- Chitthathur, C. & Venugopal, V. (2023). The use of mobile apps to enhance reading skills of language learners: A review. *Human Research in Rehabilitation*, 13(1), 31–37. <https://doi.org/10.21554/hrr.042303>
- Choi, K., Ng, K., & Chung, T. (2024, July 25). Text analysis I: Unlocking the power of text analysis. [Blog post].
- Dane, D. (2023). *Importance of reading and understanding* (Paperback ed., 94 pp.). Amazon Digital Services LLC – KDP.
- De La Cruz, M. M. C. (2025). Literary analysis writing competence and critical thinking skills of Grade 11 students. *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 41(8), 963–974. <https://doi.org/10.70838/pemj.410810>
- De Marco, P. (2025). *Reading and writing: Keys to empowerment*. Routledge.
- De Marco, P. (2025). How to foster a lifelong love of reading in your children. Google Books. [https://www.google.com.ph/books/edition/How\\_to](https://www.google.com.ph/books/edition/How_to)
- Demir, K. & Akpinar, E. (2018). The effect of mobile applications on students’ reading habits and academic performance. *Journal of Educational Technology & Online Learning*, 7(2), 45–56.
- Department of Education - ICTS Educational Technology Unit. (2021). ICTS-EdTech. Google Sites. <https://sites.google.com/depd.gov.ph/icts-edtech/home>

- DepEd Philippines. (2022, November 27). Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't-Ibang Teksto... - Wednesday Q3 Week 1 #ETUlayLevelUp [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=QoElw5ULa34>
- Department of Education. (2025). Phil-IRI National Dashboard. Looker Studio. <https://lookerstudio.google.com/reporting/fdb1e190-9507-4f2b-b5f8-462ee0b97a12?s=vCrWm09VXjY>
- Department of Education. (2025). DepEd Order No. 10, s. 2025: Guidelines for the Implementation of the 2025 Department of Education Summer Programs. <https://www.deped.gov.ph/>
- Department of Education. (2025). DepEd Memorandum No. 064, s. 2025: ARAL-Reading Program. <https://www.deped.gov.ph/>
- Department of Education (DepEd). (2026). Mean Percentage Score (MPS): Definition, Calculation & Mastery Levels. <https://studylib.net/doc/27810575/mps-and-mpl-computation>
- De Villa, K. (2025). PH pupils better at reading, but. Philippine Daily Inquirer. DeVries, B. (2017). Literacy assessment and intervention for classroom teachers (4th ed.). Pearson.
- Dimailig, L. M. (2020). Pagbasa tungo sa pananaliksik: Ikatlong markahan – Modyul 7: Pag-uugnay ng mga kaisipan sa binasa sa pangyayari sa sarili, pamilya, komunidad, bansa at daigdig [Self-learning module]. Department of Education – NCR.
- Dizon-Poliquit, R. (2020). Pagbasa tungo sa pananaliksik: Ikatlong markahan – Modyul 6: Pagkuha ng angkop na datos [Self-learning module]. Department of Education – NCR.
- Duke, N. K., & Cartwright, K. B. (2021). The science of reading progresses: Communicating advances beyond the simple view of reading. *Reading Research Quarterly*, 56(S1), S25–S44. <https://doi.org/10.1002/rrq.411>
- Duke, et al. (2021). The science of reading comprehension instruction. *The Reading Teacher*. <https://doi.org/10.1002/trtr.1993>
- Erie, L. J. D. (2025). Estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school. *International Journal for Multidisciplinary Research (IJFMR)*, 7
- Gabion, D. H. (2020). Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik: Kwartar 1 – Modyul 2.1: Teksto: Kahulugan at katangian [Self-learning module]. Department of Education – Region V Bicol.
- Garzón, J., Burgos, D., Kinshuk, & Tlili, A. (2025). Mobile learning significantly enhances student learning gains: A meta-analysis and research synthesis. *Computers & Education*, 238, Article 105415. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2025.105415>
- Graham, S. (2020). The sciences of reading and writing must become more fully integrated. *Reading Research Quarterly*, 55(S1), S35–S44. <https://doi.org/10.1002/rrq.332>
- Gumapac, Z. D., Quiño, M. B., Hubac, C. J. C., & Varona, F. A. (2025). Pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa komprehensyon ng mga mag-aaral sa Filipino 7. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 9(5), 88–99. <https://www.ajhssr.com>
- Hassan, M. (2024, March 26). Textual analysis – types, examples and guide. *Research Method*. <https://researchmethod.net/textual-analysis-research-method>
- Hassan, M. (2024, March 26). Quasi-experimental research design – Types, methods. *Research Method*. <https://researchmethod.net/quasi-experimental-design/>

- Henry, C. C. & Mohamad, M. (2021). The use of mobile technology in enhancing the critical reading skills of pre-university ESL students. *Creative Education*, 12(3), 678–695. <https://doi.org/10.4236/ce.2021.123047>
- Iranzo, R. V. (2020). Bisa ng Filtech Web Apps bilang kagamitang panturo sa asignaturang Filipino ng Lungsod ng Pasig. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(1), 87–96. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5924>
- Judijanto, L. & Parni. (2025). Emerging strategies for improving literacy skills: A comprehensive literature review. *Indonesian Journal of Education (INJOE)*, 5(1), 249–256.
- Judijanto, L. & Suroso. (2025). The impact of digital tools on improving literacy: A systematic literature review. *Indonesian Journal of Education (INJOE)*, 5(1), 257–266. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15128127>
- Jufrianto, M., Rahyuni, Gaffar, S., Akbal, F. A., Pratama, A. P., & Amir, A. S. A. (2023). Differentiated instruction in improving senior high school students' reading comprehension level. *Journal of Learning and Development Studies*, 3(2), 01–09. <https://doi.org/10.32996/jlds.2023.3.2.1>
- Khan, A. (2023, October 19). NLP use cases: Textual analysis—Definition, approaches and examples. Dive deep into textual analysis: Use cases meaning and more. [Blog post].
- Khan, A. (2023, October 19). Textual analysis: Definition, approaches and examples. *Lettria*. <https://www.lettria.com/blogpost/textual-analysis-definition-approaches-and-examples>
- Lagdaan, R. M. B., & Sevilla, N. (2025). The effectiveness of reading comprehension strategies in enhancing literacy skills of junior high school students in the Philippines: A systematic review. *Research and Analysis Journal*, 8(08), 21–28. <https://doi.org/10.18535/raj.v8i08.560>
- Langa, D. J., Hoper, E. P., Apale, E. T., Agbon, C. J. Clemen, M. G. (2024). Identity and Language: A journey Through Philippine Literature and Beyond. *AM & PM Learnovate Learning Services*.
- Lewis University Writing Center. (2019, March 21). A simplified guide: Writing a literary analysis. Lewis University. <https://www.lewisu.edu/writingcenter/pdf/final-writing-a-literary-analysis3212019.pdf>
- Lumban Raja, T. E. B., Budiarti, R., Indaon, C. Y., Simarmata, P. M., & Sihombing, M. (2025). The implementation of digital-based reading comprehension test to students: A library research. *Jiic: Jurnal Intelek Insan Cendikia*, 2(1), 1–10. <https://jicnusantara.com/index.php/jiic>
- Marikyan, D. & Papagiannidis, S. (2025). Technology Acceptance Model: A review. In S. Papagiannidis (Ed.), *TheoryHub Book*. Newcastle University. <https://open.ncl.ac.uk> ISBN: 9781739604400
- Medranda-Morales, N., Mielles, V. D. P., & Guevara, M. V. (2023). Reading comprehension: An essential process for the development of critical thinking. *Education Sciences*, 13(11), 1068. <https://doi.org/10.3390/educsci13111068>
- Melencion, M. E. P. (2025). Estratehiyang pre-questioning sa pagtuturo ng maunawang pagbasa ng tekstong impormatibo sa Filipino 11. *International Journal of Research Studies in Education*, 14(15), 69–77. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25255>
- Mendoza, M. J., & Jalos, L. M. Jr. (2025). Kabisaan ng elektronikong estratehiyang pang-interbensiyong kagamitan (E-EPIK) sa pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa pagbasa

- sa Filipino ng mga mag-aaral ng Ikasampung Baitang ng Biñan Integrated National High School. *Educational Technology and Research Journal*, 4(2), 653–662. <https://doi.org/10.63498/etcor326>
- Montero, F. E. (2025). Pag-unlad sa lebel ng pagbasa ng mga mag-aaral na non-reader sa Filipino sa Ligaya National High School gamit ang strategic intervention material na awdyo-biswal taong panuruan 2024–2025. *Educational Technology and Research Journal*, 4(2), 873–883. <https://doi.org/10.63498/etcor326>
- Nadalini, A., Marzi, C., Ferro, M., Cinini, A., Cutugno, P., & Chiarella, D. (2025). Inferential reading skills in high school: A study on comprehension profiles. *Education Sciences*, 15(6), 654. <https://doi.org/10.3390/educsci15060654>
- Okkinga, M. (2023). Does vocabulary knowledge matter in the effectiveness of instructing reading strategies? Differential responses from adolescents with low academic achievement on growth in reading comprehension. *Reading and Writing*, 36(10), 2549–2575. <https://doi.org/10.1007/s11145-022-10359-2>
- Olatubosun, O. C. (2025). Offline mobile application and students' achievement in English reading comprehension among public senior secondary school students in Ibadan, Nigeria. *Prestige Journal of Counselling Psychology*, 8(2), 88–99
- Organisation for Economic Co-operation and Development (OECD). (2022). PISA 2022 results: Tables I. B1.3.1, I.B1.3.2, and I.B1.3.3. OECD Publishing. <https://www.oecd.org/en/data/datasets/pisa-2022-database.html>
- Ouyang, W. (2024). Data visualization in big data analysis: Applications and future trends. *Journal of Computer and Communications*, 12(11), 76–85. <https://doi.org/10.4236/jcc.2024.1211005>
- Philippine Statistics Authority (PSA). (2024). Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS) 2024: Overview and objectives. <https://psa.gov.ph>
- Pradani, A. (2021, June). The importance of reading to expand knowledge. *Sepuluh Nopember Institute of Technology*.
- Pratiwi, S. A., & Firdaus, M. (2025). Effectiveness of mobile-assisted language learning on EFL students' reading comprehension. *Global Expert: Jurnal Bahasa dan Sastra*, 13(1), 32–36. <https://doi.org/10.36982/jge.v13i1.5426>
- Republic of the Philippines. (2013). Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013. <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Ricohermoso, M. (2025). Antas ng Kasanayan sa Pagkilala at Pagsulat sa Teksto: Batayan sa Pagbuo ng Sanayang-Aklat. *Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields*, 1(7), 306–331. <https://doi.org/10.5281/zenodo.16873331>
- Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2020). Intrinsic and extrinsic motivation from a self-determination theory perspective: Definitions, theory, practices, and future directions. *Contemporary Educational Psychology*, 61, Article 101860. <https://doi.org/10.1016/j.cedpsych.2020.101860>
- Serdefa, T. S. (2020). Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik 11 – Filipino 11: Learning activity sheet (Unang edisyon). Department of Education – Region VI Western Visayas.
- Shanmugasundaram, M., & Tamilarasu, A. (2023). The impact of digital technology, social media, and artificial intelligence on cognitive functions: A review. *Frontiers in Cognition*, 2, Article 1203077. <https://doi.org/10.3389/fcogn.2023.1203077>



- Siregar, J., Nurlela, N., & Zein, T. T. (2023). An analysis of cohesive devices in EFL students' essay writing. *Indonesian Journal of EFL and Linguistics*, 8(1). <https://doi.org/10.21462/ijefl.v8i1.577>
- Supnet-De Guzman, A. M. (2025). Integrasyon ng information and communication technology sa pagtuturo ng iba't ibang anyo ng panitikan sa sekundaryang antas. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 3(4), 1383–1404. <https://doi.org/10.5281/zenodo.15311184>
- Urunbaeva, J. (2025). Technology-enhanced learning (TEL) in teaching reading comprehension in EFL contexts: A scoping review. *Modern American Journal of Linguistics, Education, and Pedagogy*, 1(3), 201–220. <https://usajournals.org>
- Xiao, J. (2021). Text analysis. In *Success in academic reading and writing* (2nd ed.). University of Cincinnati Press. <https://ucincinnati.press.pressbooks.pub/successinacademicreadnwrite/chapter/text-analysis/>
- Yani, I., Bafadal, M. F., Hiadayati, H., & Ilham, I. (2025). Correlation between reading comprehension and writing coherence in junior high EFL learners. *Journal of English Language and Education*, 10(3), 86–91. <https://doi.org/10.31004/jele.v10i3.678>
- Zahara, R., Yusuf, Y. Q., Samad, I., & Singh, C. K. S. (2023). Cohesive devices in EFL students' essays and problems encountered during writing. *Indonesian Research Journal in Education (IRJE)*, 7(1), 61–76. <https://doi.org/10.22437/irje.v7i1.231281>